

APPLICATION

- Sa tingin mo, bakit mahalaga para sa Diyos Ama at Diyos Espiritu Santo na maging bahagi at makita sa bautismo ng Diyos Anak? Sa tingin mo, paano kumikilos ang Trinity sa buhay mo ngayon?
- Paano dapat makita ang ganap na pagmamahal ng Diyos sa iglesya at sa mundo ngayon? Sa tingin mo, ano ang papel na gagampanan mo rito?
- Ang Diyos ay pag-ibig. Paano ka lalago sa pagkakaunawa mo rito? Paano mo maipapakita ang pag-ibig ng Diyos sa iba?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil ipinapahayag sa Bibliya ang katotohanan tungkol sa Trinity. Ipanalangin na lalo pang lumalim ang pagkakaunawa at pananampalataya mo sa Diyos araw-araw.
- Ipanalangin na bumaon sa puso mo ang katotohanan ng pag-ibig ng Diyos at magbigay ito ng katiyakan sa pagkakakilanlan at layunin mo.
- Ipanalangin na magkaroon ng pagkakaisa at pagmamahalan sa iglesya. Ipanalangin na maipakita mo ang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng iyong mga ugnayan, kasama na ang mga ugnayang hindi madali para sa iyo. Ipanalanging mailapit ng Diyos sa Kanya ang mga taong nalalayo pa.

DESIGNED FOR Relationships

Dinamika ng Ugnayan sa Trinity

WEEK 1

WARM-UP

- Ano ang isang bagay na naranasan mo, na hindi mo maipaliwanag o maikwento sa iba. Sa tingin mo bakit ito mahirap gawin?
- Sa pamamagitan ng isang salita o imahe, ilarawan ang taong nasa kanan mo. Ipaliwanag kung bakit mo ito naisip.
- Magkwento tungkol sa isa o dalawang tao na kilalang-kilala mo. Paano ka naging malapit sa kanila?

WORD ¹⁶Nang mabautismuhan si Jesus, umahon siya sa tubig. Bumukas ang langit at nakita ni Jesus ang Espiritu ng Diyos na bumaba sa kanya na tulad ng isang kalapati. ¹⁷At may boses na narinig mula sa langit na nagsasabi, "Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan." **MATEO 3:16-17**

(Basahin din ang **1 JUAN 4:7-19**.)

Ang Trinity ay isa sa mga pinakamahirap na konseptong teolohikal para sa isang mananampalataya. May tatlong Persona na ganap na nagkakaisa at nakikipag-ugnayan sa isa't isa, pero sila ay iisang Diyos. Ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu ay may perpektong pagmamahalan, at mula rito ay nilikha ang mundo at nagkaroon ng pagtubos sa sanlibutan. Ibinibigay sa atin ng Bibliya ang pagsasalarawan ng Trinity. Makikita natin ang perpektong ugnayang ito sa bautismo ni Jesus, kung saan lubos na kinalulugdan ng Ama ang Anak, ganap na sinusunod ng Anak ang Ama, kumikilos sa lahat ng nangyayari ang Banal na Espiritu. Hindi man natin lubos na mapahalagahan at maintindihan ang Trinity, matututunan natin na ang Diyos ay pag-ibig, at bilang mga taong nilikha ayon sa Kanyang imahe, tayo ay tinawag upang ipakita ang pag-ibig na ito. Ngayong araw, titingnan natin ang dalawang katotohanan upang maunawaan kung paanong ang Diyos at ang Kanyang mga mamamayan ay nakadiseno para sa pakikipag-ugnayan.



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa

Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Madel Vanguardia, Kriscel Wee

victory.org.ph

1 | Ang Diyos ay pag-ibig.

Kaya nakilala na natin at pinaniwalaan ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig. At ang nabubuhay nang may pag-ibig ay nananatili sa Diyos at nananatili rin sa kanya ang Diyos.

1 JUAN 4:16

*¹⁶Nang mabautismuhan si Jesus, umahon siya sa tubig. Bumukas ang langit at nakita ni Jesus ang Espiritu ng Diyos na bumaba sa kanya na tulad ng isang kalapati. ¹⁷At may boses na narinig mula sa langit na nagsasabi, "Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan." **MATEO 3:16-17***

Ang pag-ibig ay likas na katangian ng Diyos. Ito ang pinakasimple at pinakamalalim din na paliwanag sa kung sino ang Diyos. Ang ganap na pag-ibig ay nagmula at nananatili sa pagitan ng tatlong Persona ng Trinity. Ang Bibliya ay nagbibigay sa atin ng sulyap sa kung paano nananatili ang Trinity, mula sa panahon ng paglikha hanggang sa muling pagbabalik ni Cristo. Sa Mateo 3:16-17, makikita natin na ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ay puno ng pag-ibig at kumikilos para tubusin ang sanlibutan. Sa tingin mo, bakit hindi natin agad-agad naiintindihan ang isang tila simpleng paliwanag? Paano ipinapakita ng Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ang Kanilang pagmamahal sa atin ngayon?

2 | Ang mga mamamayan ng Diyos ay tinatawag para ipakita ang Kanyang pag-ibig.

¹⁶Kaya nakilala na natin at pinaniwalaan ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig. At ang nabubuhay nang may pag-ibig ay nananatili sa Diyos at nananatili rin sa kanya ang Diyos.

¹⁷Sa ganitong paraan ay naging ganap ang pag-ibig sa atin, kaya panatag tayo sa pagdating ng Araw ng Paghuhukom, dahil ang pamumuhay natin dito sa mundo ay tulad ng kay Cristo. . . .

¹⁹Umiibig tayo sa Diyos dahil siya ang unang umibig sa atin.

1 JUAN 4:16-17, 19

Dahil ang Diyos ay pag-ibig, ang Kanyang mga mamamayan ay tinawag para ipakita ang Kanyang pag-ibig sa iba. Dahil dinisenyo tayo para makipag-ugnayan, naipapakita natin ang pag-ibig na ipinapahayag sa Trinity. Dapat maging modelo ang mga ugnayan natin ng ganap na pag-ibig sa pagitan ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Kaya nating magmahal ng iba dahil sa labis-labis, walang kondisyon, at walang hanggang pagmamahal ng Diyos. Habang nakikilala at pinagkakatiwalaan natin ang pag-ibig ng Diyos sa atin (1 Juan 4:16), sinasalamin natin ang pag-ibig ng Diyos sa ating kapwa mananampalataya sa iglesya at sa buong mundo para maranasan din nila ang ganap na pagmamahal ng Diyos. Ano ang iniutos ni Jesus na gawin ng Kanyang mga disipulo ayon sa Juan 13:34-35, at sa tingin mo, bakit ito sobrang mahalaga sa Kanya?
